Mga Kabataang Babae Gabay na Sanggunian 2009

Karagdagang mga Materyal para sa Manwal 1

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2008 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 1/08
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 1/08
Pagsasalin ng *Young Women Resource Guide 2009—Manual 1*
Tagalog
06754 893

Gabay na Sanggunian 2009 para sa Mga Kabataang Babae—Manwal 1

Ang sumusunod na mga sanggunian ay napili upang tulungan ang mga lider na maiakma ang doktrina at mga alituntunin sa Mga Kabataang Babae Manwal 1 *sa mga problemang kinakaharap ng mga kabataang babae, sa kasalukuyang itinuturo ng mga propeta, at sa buhay ng lahat ng kabataang babae. Ang mga sangguniang ito ay nilayong gamitin kasabay ng mga aralin. Mapanalanging piliin ang mga sangguniang hihikayat sa bawat kabataang babae na matuto at tutulong na mapatatag ang pananampalataya at mga patotoo.*

Ang ilang aralin ay maaaring gamitin nang mahigit isang linggo o bigyang-diin sa mga aktibidad sa kalagitnaan ng linggo upang tugunan ang partikular na mga pangangailangan ng inyong mga kabataang babae. Ang mga gagawin sa aktibidad ay mabuting paraan upang maisagawa at maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Aralin 1: *Isang Anak na Babae ng Diyos*

MGA TANONG

- Paano ko mauunawaan ang tunay kong pagkatao bilang isang anak na babae ng Diyos samantalang maraming ipinararating sa akin ang mundo na magkakasalungat na mensahe tungkol sa kung sino ako at ano ang dapat kong marating?
- Natutuklasan kong ikinukumpara ko ang sarili ko sa iba, at pinanghihinaan ako ng loob. Paano ako matutulungan ng pag-alaala na ako ay anak ng Diyos upang maiwasan ang mga pagkukumparang ito?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Okt. 1995, 102. Isiping gamitin ang ikalawa at ikatlong mga talata ng pagpapahayag (tingnan sa gabay na aklat na Pansariling Pag-unlad, ii) upang palitan ang mga sinipi sa manwal ng Mga Kabataang Babae sa hulihan ng bahaging "Ikaw ay Minahal at Minamahal."
- Jeffrey R. Holland, "Sa mga Kabataang Babae," *Ensign* at *Liahona,* Nobyembre 2005, 28–30. Binibigyang-diin ng artikulong ito ang tunay na pagkatao ng kababaihan (tingnan ang mga tanong sa itaas).
- Moises 1:3–7; Mga Taga Roma 8:16; Mga Gawa 17:28; Doktrina at mga Tipan 76:23–24.

TIP SA PAGTUTURO

Mas mauunawaan at maipamumuhay ng mga kabataang babae ang mga doktrina kapag pinag-aralan at naranasan nila ang mga ito sa labas ng klase. Matapos ituro ang doktrina sa araw ng Linggo, isiping gawin ang isang kaugnay na mithiin o aktibidad mula sa gabay na aklat na Pansariling Pag-unlad sa aktibidad sa karaniwang araw.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Kahalagahan ng Sarili 1.
- Isiping pagawin ang mga kabataang babae ng isang aklat ng mabubuting katangian, isang aktibidad na binanggit sa artikulo ni Susan W. Tanner, "Mga Anak na Babae ng Ama sa Langit," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 106–9.

Aralin 2: *Jesucristo, ang Tagapagligtas*

MGA TANONG

- Paano ko maipaliliwanag ang mga pananaw ko tungkol kay Jesucristo sa isang taong hindi naniniwala na ako ay Kristiyano?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Isiping gamitin ang Marso 2008 na edisyon ng *Ensign* at *Liahona* para sa karagdagang nilalaman ng araling ito.
- Gary J. Coleman, "Inay, Kristiyano Ba Tayo?" *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 92–94.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Pananampalataya 5; karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Banal na Katangian 4; proyekto sa pinahahalagahan na nauugnay sa Pananampalataya, bullet 1.

Aralin 3: *Pagsunod sa Halimbawa ni Jesucristo*

MGA TANONG

- Gusto kong sundin ang halimbawa ni Jesucristo sa Linggo, ngunit buong linggo akong ginagambala ng mga makamundong impluwensya. Ano ang gagawin ko?
- Alam kong hindi sinusunod ng ilan sa mga kaibigan ko ang halimbawa ng Tagapagligtas. Ano ang dapat kong gawin at paano ko sila maiimpluwensyahang sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- James E. Faust, "Ang Inyong Liwanag—Isang Sagisag sa Lahat ng Bansa," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 111–14. Tumutulong ang artikulong ito na ilarawan kung paano maiimpluwensyahan ang iba ng pagiging halimbawa ni Jesucristo sa inyong pang-araw-araw na buhay (tingnan sa ikalawang tanong sa itaas).
- Joseph B. Wirthlin, "Ang Dakilang Utos," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 28–31.

"Kapag mahal natin ang Panginoon, hindi na mahirap ang sumunod. Nagiging kalugud-lugod na ang pagsunod. Kapag mahal natin ang Panginoon, hindi na natin gaanong hinahangad ang sarili nating pakinabang sa halip ay hinahangad natin ang mga bagay na magpapala at magpapalakas sa iba" (p. 30).

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: tema (p. 5); Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Banal na Katangian 7.
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 38. Gumawa ng listahan ng mga kabutihang gagawin sa araw-araw para sa iba.

Aralin 4: *Paghahangad ng Pagsama ng Espiritu Santo*

MGA TANONG

- Paano ko malalaman na nadarama ko ang Espiritu?
- Paano ako magiging marapat sa pagsama ng Espiritu Santo upang mapasaakin ang Kanyang paggabay at proteksyon sa bawat araw?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Robert D. Hales, "Kumilos Para sa Ating Sarili: Ang Kaloob at Pagpapala ng Kalayaang Pumili," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 4–8.

"Ang mga paramdam sa atin na tumakas sa kasamaan ay larawan ng pag-unawa ng ating Ama sa Langit sa ating mga kalakasan at kahinaan, at sa Kanyang kamalayan sa di-inakalang mga sitwasyon sa ating buhay. Pagdating ng mga paramdam na ito, karaniwa'y hindi tayo kaagad pipigilan nito, dahil hindi malakas magsalita ang Espiritu ng Diyos. Ang tinig ay kasinghina ng bulong, na dumarating bilang ideya sa ating isipan o damdamin sa ating puso. Sa pagsunod sa mga banayad na paramdam na ito, maliligtas tayo sa mapanirang bunga ng kasalanan. Ngunit kung babalewalain natin ang mga paramdam na iyon, maglalaho ang liwanag ng Espiritu. Magkakaroon ng limitasyon o mawawala ang ating kalayaan, at mawawalan tayo ng tiwala at kakayahang kumilos. Tayo'y "[la]lakad sa [espirituwal na] kadiliman sa katanghaliang-tapat'" (p. 7).

TIP SA PAGTUTURO

Mas malamang na maging makabuluhan ang pagsali ng mga miyembro ng klase kapag tinanong sila ng mga epektibong katanungan at binigyan ng panahon upang mag-isip na mabuti bago sila sumagot. Upang mabigyan ng ganitong panahon ang mga miyembro ng klase, maaaring isulat ang mga tanong sa pisara o ipasulat sa papel ang sagot ng mga miyembro ng klase (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin *[1999], 84–86).*

- Robert D. Hales, "Personal na Paghahayag: Ang mga Turo at Halimbawa ng mga Propeta," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 86–89.
- Mga Taga Galacia 5:22; 1 Mga Hari 19:12; Helaman 5:45–46; Doktrina at mga Tipan 6:23.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Pagpili at Pananagutan 5; karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Integridad 2.
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 17–19. Talakayin ang impluwensya ng musika at iba pang media sa kakayahan nating madama ang pagsama ng Espiritu Santo.

Aralin 5: *Pagkakasumpong ng Kagalakan sa Ating Banal na Kakayahan*

MGA TANONG

- Paano magpapaligaya sa akin ang kaalaman ko tungkol sa aking banal na tungkulin.
- Natatakot ako kapag iniisip ko ang pag-aasawa at pagiging ina. Paano ko makakamit ang pagtitiwalang kailangan ko para sa mga tungkuling ito sa hinaharap?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Gordon B. Hinckley, "Puspusin ng Kabanalan ang Iyong mga Iniisip nang Walang Humpay," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 115–17. Isaisip ang apat na puntong programa ni Pangulong Hinckley upang turuan ang mga kabataang babae kung paano pupunuin ng "oportunidad at kasiyahan" ang kanilang hinaharap" (p. 115).
- Susan W. Tanner, "Mga Anak na Babae ng Ama sa Langit," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 106–9.
- Mosias 2:41; Mga Kawikaan 31:10–31; Doktrina at mga Tipan 25. Talakayin kung paano magdudulot ng kagalakan at pagtitiwala sa mga kabataang babae ang pamumuhay ng mga katangian at payo sa mga talatang ito habang pinaghahandaan at ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin sa hinaharap.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Banal na Katangian 2; karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Kahalagahan ng Sarili 2.
- Ipaaral sa mga kabataang babae ang isang kopya ng pagpapahayag tungkol sa mag-anak (tingnan sa gabay na aklat na Pansariling Pag-unlad, ii) upang malaman ang iba pa tungkol sa mga tungkulin at banal na potensiyal ng kababaihan.

Aralin 6: *Pagkakasumpong ng Kagalakan Ngayon*

MGA TANONG

- Napakaraming tao ang tila negatibo ang pananaw sa buhay. Ano ang maaari kong gawin upang maiwasan ito at matulungan ang iba na maging positibo ang pananaw sa mga bagay-bagay?
- Parang napakasaya ng buhay ng iba pang mga tinedyer at puno ng problema ang sa akin. Bilang kabataang babaing LDS, ano ang nalalaman ko o mayroon ako na makatutulong upang madama at makamit ko ang kagalakan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Thomas S. Monson, "Ang Panganib ng Nakatagong mga Kalso," *Ensign* at *Liahona,* Hulyo 2007, 4–9. Isiping palitan ang tulang "Paglikha" ng analohiya at pagtalakay ni Pangulong Monson kung paano makatutulong ang pag-aalis ng nakatagong mga kalso upang makasumpong ng kagalakan ngayon ang mga kabataang babae.

MGA KARANASAN

- Isiping gumawa ng isang journal ng pasasalamat.

Aralin 7: *Paggawa sa Tahanan*

MGA TANONG

- Ano ang gusto kong madama sa aking tahanan sa hinaharap?
- Ano ang aking mga kaloob at talento na tutulong sa akin upang makagawa ng kontribusyon sa isang maligayang tahanan ngayon at sa hinaharap?
- Ano ang mga kasanayan na kailangan kong pag-igihin upang magkaroon ng matagumpay at maligayang tahanan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Julie B. Beck, "Mga Inang Nakaaalam," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 76–78.
- "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Okt. 1995, 102.
- Mga Kawikaan 31:11–31; Doktrina at mga Tipan 88:119.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Proyekto sa pinahahalagahan na nauugnay sa Banal na Katangian, mga bullet 1, 4; mga karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Kahalagahan ng Sarili 2, 7; karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Kaalaman 2; proyekto sa pinahahalagahan na nauukol sa Kaalaman, mga bullet 1, 5.
- Ibahagi sa isa pang kabataang babae ang isang katangiang hinahangaan mo sa kanya na iniisip mong makatutulong sa kanya na maging isang mabuting ina.
- Anyayahan ang mga babae sa inyong ward o branch na magturo ng mga kasanayan o talento na gustong matutuhan ng mga kabataang babae.

TIP SA PAGTUTURO

Mas malamang na maging makabuluhan ang pagsali ng mga kabataang babae kapag hinihikayat silang gawin ito. Halimbawa, ipaliwanag na gusto ninyong makakuha ng maraming sagot sa isang tanong hangga't maaari. O kaya ay sabihin mong, "Gusto kong marinig ang hindi pa nagbibigay ng sagot sa tanong na ito" (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *97–98).*

Aralin 8: *Mga Saloobin Tungkol sa Ating mga Banal na Tungkulin*

MGA TANONG

- Nalilito ako sa pananaw ng mundo ukol sa tungkulin ng kababaihan. Paano ko malalaman na pinipili ko ang plano ng Ama sa Langit para sa akin?
- Pinayuhan ako ng mga propeta na mag-aral. Paano ako matutulungan ng edukasyon sa pagtupad ng aking banal na tungkulin?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Thomas S. Monson, "Tatlong Mithiin na Gagabay sa Inyo," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 118–21.
- Gordon B. Hinckley, "Puspusin ng Kabanalan ang Iyong mga Iniisip nang Walang Humpay," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 115–17. Gamitin ang artikulong ito upang tumulong sa pagsagot sa ikalawang tanong sa itaas.
- Julie B. Beck, "Ang Pinakamainam na Nagagawa ng mga Kababaihang Babaeng Banal sa mga Huling Araw: Pagiging Matatag at Di Natitinag," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 109–12.

  "Naniniwala ako na ang kababaihan ng Simbahang ito ang pinakamahusay, lubos na may-kakayahang kababaihan sa mundo. . . .

  "Ang pag-alam at pagtatanggol sa mga banal na tungkulin ng kababaihan ay napakahalaga sa mundo kung saan ang kababaihan ay nalalantad sa mga maling mensahe tungkol sa kanilang identidad" (pp. 109–10).

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Banal na Katangian 3; proyekto sa pinahahalagahan na nauugnay sa Banal na Katangian, bullet 3.
- Anyayahan ang mga kabataang babae na basahin ang ikapitong talata ng paghahayag tungkol sa mag-anak at tukuyin ang mga alituntuning nauugnay sa kanilang mga banal na tungkulin.

Aralin 9: *Paggalang sa mga Magulang*

MGA TANONG

- Ano ang magagawa ko sa tahanan upang hikayatin ang aking mga magulang at kapatid na gumalang sa aming pamilya?
- Ano ang magagawa ko para gumanda ang aking relasyon sa aking mga magulang?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Octaviano Tenorio, "Ang Kapangyarihan ng Kabanalan ay Nakikita sa mga Templo ng Diyos," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 95–97. May isang kuwento sa artikulong ito kung saan hinihikayat ng mga bata ang kanilang lolo na magpunta sa templo (tingnan ang unang tanong sa itaas).

- "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Okt. 1995, 102. Makatutulong ang impormasyon na nasa ikaanim at ikapitong mga talata upang maunawaan ng mga kabataang babae ang mga tungkulin ng kanilang mga magulang at ang mga alituntunin ng matagumpay na mga pamilya.
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 10–11. Talakayin kung paano makatutulong ang isang kabataang babae sa pagbuo ng maligayang tahanan.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Banal na Katangian 5; proyekto sa pinahahalagahan na nauugnay sa Kahalagahan ng Sarili, bullet 1.
- Tingnan ang Mga Mungkahing Gawain sa pahina 39 ng manwal na Mga Kabataang Babae.

Aralin 10: *Pagtataguyod sa mga Kasapi ng Mag-anak*

MGA TANONG

Hikayatin ang mga kabataang babae na pag-isipang mabuti ang kanilang mga sagot sa sumusunod na mga tanong sa halip na talakayin ng klase ang mga ito:

- Sino ang nangangailangan ng suporta sa aking pamilya ngayon mismo? Ano ang magagawa ko para masuportahan sila?
- Ano ang magagawa ko para masuportahan ang mga miyembro ng pamilya na maaaring hindi ipinamumuhay ang ebanghelyo?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- L. Tom Perry, "Pagiging Ama, Isang Walang Hanggang Tungkulin," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2004, 69–72. Isiping gamitin ang artikulong ito para ipandagdag sa talakayan tungkol sa tungkulin ng mga ama.
- Susan W. Tanner, "Ako ang Ilaw na Inyong Itataas," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 103–5.
- Mary N. Cook, "Palakasin ang Tahanan at Mag-anak," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 11–13.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Banal na Katangian 3.
- Tingnan sa Pagsasagawa ng Aralin sa pahina 45 ng manwal na Mga Kabataang Babae.

Aralin 11: *Pag-unlad at Pagkahusto ng Isip sa Sariling Pagsisikap, Bahagi 1*

MGA TANONG

- Sa pagdami ng mga pinsalang dulot ng kalikasan sa mundo, ano ang natututuhan ko upang matulungan ang sarili ko at ang iba sakaling may emergency?
- Ano ang ibig sabihin ng pamahalaan ang aking sarili? (tingnan sa manwal na Mga Kabataang babae, 46).
- Paano nakatutulong ang pagkaalam at pagsunod sa mga pamantayan ng Panginoon sa pamamahala ko sa aking sarili?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- James E. Faust, "Ang Inyong Liwanag—Isang Sagisag sa Lahat ng Bansa," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 111–14.
- Julie B. Beck, "Ang Pinakamainam na Nagagawa ng mga Kababaihang Babaeng Banal sa mga Huling Araw: Pagiging Matatag at Di Natitinag," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 109–12. Palitan ang tula na nasa manwal na Mga Kabataang Babae ng siping ito mula kay Sister Beck:

"Kung bawat babae ay may kakayahan sa sarili na sapat para kusa niyang maibahagi ang kanyang kaalaman, talento at kakayahan, at kung ang pagiging disipulo ng bawat babae ay nakikita sa kanyang pananalita at pananamit, tayo ay di matitinag sa bagay na wasto" (p. 110).

- Kung papalitan ninyo ng sipi sa itaas ang tula, gamitin ang Doktrina at mga Tipan 58:27–29 sa talakayan ng banal na kasulatan sa halip na Doktrina at mga Tipan 29:1–2.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Pagpili at Pananagutan 1.
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 5. Basahin ang dalawang talata sa pahina 5; magpasiya kung paano kayo espirituwal at temporal na makaaasa sa inyong sarili.

TIP SA PAGTUTURO

Mas malamang na maunawaan at maipamuhay ng mga kabataang babae ang doktrina kapag binibigyan sila ng mga pagkakataon upang turuan ang iba. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagpapabahagi sa kanila ng natutuhan nila sa taong katabi nila sa upuan (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *213).*

Aralin 12: *Pag-unlad at Pagkahusto ng Isip sa Sariling Pagsisikap, Bahagi 2*

MGA TANONG

- Paano ko mapagaganda ang aking relasyon sa aking mga magulang?
- Paano ko makukuha at maiingatan ang pagtitiwala ng aking mga magulang?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Robert D. Hales, "How Will Our Children Remember Us?" *Ensign,* Nob. 1993, 8–10.

"Kung hindi mabuti ang halimbawa sa atin ng ating mga magulang, responsibilidad nating ihinto na ito. . . .

"Maaaring matutuhan ng bawat tao ang mas mabuting paraan at sa gayon ay pagpalain ang buhay ng mga miyembro ng pamilya ngayon at ituro ang mga tamang tradisyon para sa susunod na mga henerasyon" (p. 10).

- Mary N. Cook, "Palakasin ang Tahanan at Mag-anak," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 11–13.

"Sana makatulong ako sa inyo, mga kapatid kong kabataan, na maunawaan kung gaano kalakas ang indibidwal ninyong mga kilos sa pagpapalakas ng inyong mga tahanan at mag-anak, anuman ang inyong kalagayan. Nauunawaan ko,

halimbawa, na marami sa inyo ang nag-iisang miyembro ng Simbahan sa inyong pamilya. . . .

"Kailangan ng pagpapalakas ng lahat ng pamilya, mula sa [uliran] hanggang sa pinakamagulo. Ang pagpapalakas na ito ay maaaring manggaling sa *inyo*" (p. 11).

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Banal na Katangian 5.

Aralin 13: *Pagtataguyod sa mga Nagtataglay ng Pagkasaserdote*

MGA TANONG

- Bakit mahalagang magkaroon ako ng mabuting ugnayan sa aking bishop? Anong mga susi ang hawak ng bishop na maaaring magpala sa akin at sa aking pamilya?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Henry B. Eyring, "Your Friend the Bishop," *New Era,* Okt. 2002, 10–13.

"Bilang pangulo ng Aaronic Priesthood . . . , maibibigay sa akin [ng bishop] ang ilang bagay na hindi ko makukuha sa ibang lugar. Sa pamamagitan ng taong ito maaari akong bigyan o hindi bigyan ng Diyos ng tungkulin. At hawak niya ang mga susi ng pagsisisi para sa ward, at gayundin para sa akin. Alam ko na ngayon kung gaano kalaki ang hangarin niyang huwag biguin ang Panginoon sa kanyang paglilingkod" (p. 12).

- Exodo 17:8–12; 3 Nephi 12:1; Doktrina at mga Tipan 1:38; 102:9; 124:144.

MGA KARANASAN

- Anyayahan ang inyong bishop na dumalo sa aralin o gabi ng aktibidad at sagutin ang mga tanong tungkol sa kanyang mga responsibilidad at ipaliwanag kung paano niya mapagpapala ang buhay ng mga kabataang babae.

TIP SA PAGTUTURO

Ang pagbibigay ng panahon sa mga kabataang babae upang makapag-isip na mabuti sa klase ay nag-aanyaya sa Espiritu. Isiping bigyan sila ng panahon upang pag-isipan ang natutuhan nila at itala ang kanilang mga nadama (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *84–86).*

Aralin 14: *Pamumunong Patriyarkal sa Tahanan*

MGA TANONG

- Paano mapagpapala ng priesthood ang buhay ko ngayon kahit ano pa ang sitwasyon ko?
- Ano ang mga espirituwal na katangiang gusto ko sa isang asawa? Paano siya matutulungan ng mga katangiang ito na mapamunuan ang aming pamilya sa kabutihan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- James E. Faust, "Mensahe sa Aking mga Apong Lalaki," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 54–56.
- Dallin H. Oaks, "Awtoridad ng Priesthood sa Pamilya at sa Simbahan," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2005, 24–27.
- Gamitin ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak upang makita ang mga sagot sa siyam na katanungan sa aralin.
- Exodo 20:12; 1 Nephi 1:1; 16:23–24; Mosias 2:5; Doktrina at mga Tipan 107:41.

Aralin 15: *Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec*

MGA TANONG

- Ano ang mangyayari sa buhay ko kung walang impluwensya ng priesthood?
- Paano pinagpala ng priesthood ang aking buhay?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Thomas S. Monson, "Ang Priesthood—Isang Sagradong Kaloob," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 57–60.
- James E. Faust, "Ang Susi ng Kaalaman Tungkol sa Diyos," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2004, 52–55.

"Bilang bahagi ng sumpa at tipan ng priesthood, may ilang pangako ang Panginoon sa Kanyang matatapat na anak 'na hindi niya masisira' [D at T 84:40]. Una, ang mga maytaglay ng priesthood ay 'pababanalin sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng kanilang mga katawan' [D at T 84:33]. . . . Ikalawa, sila ay 'magiging mga anak na lalaki ni Moises at ni Aaron at binhi ni Abraham' [D at T 84:34]. Ikatlo, sila ay nagiging 'hinirang ng Diyos' [D at T 84:34]. Bilang Kanyang mga kinatawan, isinasagawa nila ang banal na gawaing ito sa ating panahon sa lupa. Ikaapat, 'lahat sila na tumanggap ng pagkasaserdoteng ito ay tinanggap [ang Panginoon]' [D at T 84:35]. Ikalima, sila na tinatanggap ang lingkod ng Panginoon ay tinatanggap Siya. Ikaanim, sila na tumatanggap sa Tagapagligtas ay tinatanggap ang Diyos Ama. Ikapito, tinatanggap din nila ang kaharian ng Ama. Ikawalo, ibibigay din sa kanila ang lahat ng mayroon ang Ama [tingnan sa D at T 84:36–38]. Ang mga tatanggap sa lahat ng mayroon ang Ama ay wala nang tatanggapin pa" (p. 53).

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Integridad 7.
- Anyayahan ang mga kabataang babae na ipabahagi sa kanilang ama o sa isang lider ng priesthood ang kanyang sariling patotoo tungkol sa priesthood at kung paano nito naaapektuhan ang kanyang mga pagpili at gawain sa araw-araw.

Aralin 16: *Ang Kababaihan at ang mga Maytaglay ng Pagkasaserdote*

MGA TANONG

- Ano ang maaari kong gawin upang matulungan ang mga kaibigan kong kabataang lalaki na igalang ang kanilang priesthood, pangalagaan ang kanilang dangal, at maging handa para sa kanilang mga responsibilidad sa hinaharap?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Elaine S. Dalton, "Nakikita sa Inyong Mukha," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 109–11.
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 24.

MGA KARANASAN

- Ipabahagi sa mga kabataang lalaki mula sa inyong ward kung paano sila natulungan ng kanilang mga karanasan sa Aaronic Priesthood sa paghahanda para sa misyon, kasal, at pagtataguyod ng pamilya. Anyayahan silang ibahagi kung paano sila masusuportahan ng mga kabataang babae sa mga paghahandang ito.
- Tingnan sa Mga Mungkahing Gawain sa manwal na Mga Kabataang Babae.

Aralin 17: *Ang Layunin ng mga Tipan at mga Ordenansa*

MGA TANONG

- May mga pagkakataong pakiramdam ko ay hindi ako karapat-dapat makibahagi ng sacrament, ngunit nakikibahagi pa rin ako dahil natatakot ako sa maaaring isipin ng mga magulang ko at ng ibang tao. Ano ang gagawin ko?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- David A. Bednar, "Nang sa Tuwina ay Mapasaatin ang Kanyang Espiritu," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 28–31.

"Nang mabinyagan ang bawat isa sa atin, pumasok tayo sa sagradong pakikipagtipan sa ating Ama sa Langit. Ang tipan ay kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga anak sa mundo, at mahalagang maunawaan na ang Diyos ang nagpapasiya sa mga kundisyon ng lahat ng tipan ng ebanghelyo. Ikaw at ako ay hindi nagpapasiya sa mga katangian o nilalaman ng tipan. Bagkus, sa paggamit ng ating kalayaan, tinatanggap natin ang mga kondisyon at hinihingi niyang gawin sa mga tipan ayon sa pagkakatatag ng ating Ama sa Langit" (pp. 28–29).

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Pananampalataya 4; karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Banal na Katangian 4.

Aralin 18: *Kasal sa Templo—Kailangan para sa Walang-hanggang Buhay Mag-anak*

MGA TANONG

- Ano ang kaibhang ginagawa ng kasal sa templo sa isang pamilya?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Russell M. Nelson, "Pangangalaga sa Kasal," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 36–38.
- "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Okt. 1995, 102.
- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 223–25.
- 1 Mga Taga Corinto 11:11; Doktrina at mga Tipan 132:15–20, 46; Moises 3:24.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Pagpili at Pananagutan 6; karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Integridad 1.
- Anyayahan ang inyong bishop na ituro sa mga kabataang babae ang tungkol sa mga interbyu sa temple recommend (tingnan sa *Tapat sa Pananampalataya,* 97).

TIP SA PAGTUTURO

Mas malamang na maunawaan at maipamuhay ng mga miyembro ng klase ang doktrina kapag sinaliksik nila ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga propeta. Ipahanap sa mga kabataang babae ang partikular na mga alituntunin o iba pang mga detalye sa mga talata habang nagbabasa sila. Halimbawa, maaari mong sabihing, "Habang binabasa ninyo ang mga talatang ito, hanapin ang . . ." Matapos nilang saliksikin ang mga banal na kasulatan, ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang natuklasan nila (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *68).*

Aralin 19: *Mga Pansariling Talaan*

MGA TANONG

- Anong mga pagpapala ang ibinigay sa akin ng Panginoon na maitatala ko sa aking journal? Paano maipapaalaala sa akin ng pagtatala ng mga pagpapalang ito ang pagmamahal ng Panginoon sa akin?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Henry B. Eyring, "O Tandaan, Tandaan," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 66–69.
- Don R. Clarke, "Pagiging mga Kasangkapan sa mga Kamay ng Diyos," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 97–99.

"May maliit akong notebook na lagi kong dala, kung saan isinusulat ko ang mga natanggap kong inspirasyon at kaisipan mula sa Espiritu. . . . Kapag may naiisip ako, isinusulat ko ito at sinusubukang gawin. Napatunayan ko sa maraming pagkakataon, kapag ginawa ko ang isang bagay sa listahan ko, ito ay kasagutan sa dalangin ng isang tao. May oras din namang di ko ginawa ang nasa listahan, at pagkaraan ay nalaman ko na natulungan ko sana ang isang tao, pero di ko ito ginawa. Kapag nakatanggap tayo ng inspirasyon tungkol sa mga anak ng Diyos, kung isusulat natin ang mga kaisipan at inspirasyong natanggap natin at pagkatapos ay gawin ito, lalaki ang tiwala sa atin ng Diyos at bibigyan tayo ng mas marami pang pagkakataon na maging kasangkapan sa Kanyang mga kamay" (p. 99).

MGA KARANASAN

- Sa loob ng tatlong linggo, tuwing gabi bago matulog pag-isipan ang mga tanong ni Pangulong Eyring: "May ipinahatid bang mensahe ang Diyos para sa akin? Nakita ko ba ang Kanyang kamay sa aking buhay?" (*Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 69). Isulat ang mga karanasan sa iyong journal.

- Rebyuhin ang inyong journal sa Pansariling Pag-unlad. Paano lumago ang inyong patotoo sa nakaraang anim na buwan? Ano ang natutuhan ninyo?

Aralin 20: *Tumulong sa Iba*

MGA TANONG

- Paano ko matutulungan ang iba kapag nalulungkot ako o parang gusto ko nang sumuko?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- David S. Baxter, "Pananampalataya, Pagsisilbi, Nananatiling Di Nagbabago," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 13–15.

  "Ang pagbibigay natin ng ating sarili sa paglilingkod ay nakatutulong para malampasan natin ang mga alalahanin, problema, at hamon. Habang itinuon natin ang ating lakas sa pagpapagaan ng mga pasanin ng iba, may himalang nangyayari. Gumagaan ang ating mga pasanin. Nagiging mas masaya tayo. Mas nagkakaroon ng saysay ang ating buhay" (p. 14).

- Anne C. Pingree, "Lumaki sa Panginoon," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 74–76.
- Mateo 25:40; Lucas 15:4–7; 1 Mga Taga Tesalonica 2:7–8; Mosias 2:17.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Kahalagahan ng Sarili 3.
- Sa pinagsamang grupo ng mga kabataang lalaki at babae, basahin ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 12–13, at talakayin ang mga katangian ng tunay na pagkakaibigan.

Aralin 21: *Ang Matuwid na Halimbawa ay Nakaiimpluwensiya sa Iba*

MGA TANONG

- Ano ang reaksyon ng mga kaibigan ko kapag sinusunod ko ang mga pamantayan ng Simbahan? Paano ako makakatugon kung iturin nilang pagmamagaling ang aking pagsunod?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Joseph B. Wirthlin, "Ang Dakilang Utos," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 28–31.
- Robert D. Hales, "Kumilos para sa Ating Sarili: Ang Kaloob at Pagpapala ng Kalayaang Pumili," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 4–8.
- *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* (2004), *160–62.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Mabubuting Gawa 7.

TIP SA PAGTUTURO

Mas malamang na sumali ang mga miyembro ng klase kapag inilalagay sila sa maliliit na grupo. Gumamit ng mga grupo kapag nais mong hikayatin ang mga kabataang babae na magkumpara ng mga sagot, talakayin ang mga tanong, magkasundo sa isang bagay, o turuan ang isa't isa (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *213).*

Aralin 22: *Pagsisisi*

MGA TANONG

- Kahit nakapagsisi na ako, binabagabag pa rin ako ng aking budhi. Paano ko malalaman kung talagang napatawad na ako?
- Kapag nakagawa tayo ng mabibigat na kasalanan tinuruan tayong hangarin ang pagpapatawad ng Panginoon sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa bishop. Bakit kailangan iyon? Paano ako matutulungan ng bishop?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Dieter F. Uchtdorf, "Hangganan ng Ligtas na Pagbalik," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 99–101. Ang artikulong ito ay may mga kasagutan sa unang tanong sa itaas.
- Boyd K. Packer, "Hindi [Ko] Na Naaalaala ang [Inyong mga Kasalanan]," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 25–28.
- Russell M. Nelson, "Pagsisisi at Pagbabalik-loob," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 102–4.
- 2 Nephi 9:23; Doktrina at mga Tipan 58:42–43; 61:2.

MGA KARANASAN

- Pansariling Pag-unlad: Karanasan sa pinahahalagahan na nauugnay sa Pananampalataya 3.
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 29–30. Matapos basahin ang bahagi tungkol sa pagsisisi, itala sa iyong journal ang mga ibubunga ng tahasang paglabag sa mga kautusan ng Diyos. Magsama din ng mga halimbawa ng pagsisisi mula sa mga banal na kasulatan.

Aralin 23: *Pagpapatawad*

MGA TANONG

- Ano ang ibig sabihin ng patawarin ang iba?
- Paano ko mapatatawad ang isang taong talagang nakasakit sa akin?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- James E. Faust, "Ang Nakapagpapahilom na Kapangyarihan ng Pagpapatawad," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 67–69.
